

Gabay sa Gumagamit para sa Nokia 2610

PAHAYAG NG PAGSUNOD

Ngayon, ipinapahayag ng NOKIA CORPORATION, na ang produktong ito na RH-86 ay sumusunod sa mga mahahalagang pangangailangan at iba pang mga naaangkop na tuntunin ng Directive 1999/5/EC. Ang isang kopya ng Pahayag ng Pagsunod say matatagpuan sa http://www.nokia.com/phones/declaration_of_conformity/.

CE 0434

Karapatang-kopya © 2006 Nokia. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang pagkokopya, paglilipat, pamamahagi o pag-iimbak ng bahagi o lahat ng nilalaman ng dokumentong ito sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ng Nokia ay ipinagbabawal.

Ang Nokia, Nokia Connecting People, at Xpress ay mga trademark o rehistradong trademark ng Nokia Corporation. Ang ibang mga pangalan ng produkto at kompanya na binanggit dito ay maaaring mga markang-kalakal o ngalang-kalakal ng mga may-ari ng mga ito.

Ang Nokia tune ay isang tunog na tanda ng Nokia Corporation.

US Patent No 5818437 at iba pang mga nakabinbing patente. T9 text input software Karapatang-kopya © 1997-2006. Tegic Communications, Inc. Nakareserba ang lahat ng karapatan.



Kabilang ang RSA BSAFE cryptographic o security protocol software mula sa RSA Security.



Ang Java ay isang markang-kalakal ng Sun Microsystems, Inc.

Patakaran ng Nokia ang patuloy na pagpapaunlad. Taglay ng Nokia ang karapatang gumawa ng mga pagbabago at pagpapahusay sa alinmang produktong inilarawan sa dokumentong ito nang walang paunang paunawa.

Hindi kailanman dapat managot ang Nokia sa anumang pagkawala ng data o kita o anumang espesyal, nagkataon, binunga o di-tuwirang mga pinsala anuman ang naging dahilan.

Ang mga nilalaman ng dokumentong ito ay ipinagkakaloob na "as is". Maliban kung iniaatas ng angkop na batas, walang anumang uri ng garantiya, ipinahayag man o ipinahiwatig, kabilang ang, pero hindi limitado sa, ipinahiwatig na garantiya ng kakayahang maibenta at kaangkupan sa isang partikular na layunin, ang ginawa na may kaugnayan sa katumpakan, pagiging maaasahan o mga nilalaman ng dokumentong ito. Taglay ng Nokia ang karapatan na repasuhin ang dokumentong ito o bawiin ito anumang oras nang walang paunang abiso. Ang kakayahang makuha ang mga mismong produkto ay nag-iiba-iba ayon sa rehiyon. Mangyaring tiyakin ito sa Nokia dealer na pinakamalapit sa inyo.

Ang aparatong ito ay maaaring magtaglay ng mga kalakal, teknolohiya o software na saklaw ng mga batas sa pagluwas at mga regulasyon mula sa Estados Unidos at ibang mga bansa. Ang paglihis na kontra sa batas ay ipinagbabawal.

Mga Nilalaman

PARA SA INYONG KALIGTASAN v

Pangkalahatang impormasyon.....	xi
Mga access code	xi
Pagsuporta ng Nokia at impormasyon sa pagkontak	xii

1. Pagsisimula 1

I-install ang SIM card at ang baterya	1
Kargahan ang baterya	3
Normal na posisyon ng paggamit	4

2. Ang iyong telepono..... 5

Mga pindutan at piyesa	5
Standby mode	6
Demo mode.....	7
Kandado ng teklado o keypad lock	8

3. Mga pag-andar ng tawag 9

Magsagawa ng at sumagot sa isang tawag.....	9
Loudspeaker	9

4. Magsulat ng teksto ... 10

5. Mga pag-andar ng menu 12

Pagmemensahe	12
Mga Kontak.....	20
Talaan.....	22
Mga setting	23
Operator menu	29
Gallery.....	30
Media	30
Organiser.....	31
Mga application.....	34
Web	35
Mga serbisyong SIM	40

6. Impormasyon tungkol sa baterya	41
Pagkarga at pagdiskarga.....	41
Mga gabay sa awtentikasyon ng baterya ng Nokia.....	43
7. Mga Tunay na Pagpapahusay.....	48
Lakas	49
Audio	52
Pag-aalaga at pagpapanatili.....	53
Karagdagang impormasyong pangkaligtasan	55
Index.....	66

PARA SA INYONG KALIGTASAN

Basahin itong mga simpleng patnubay. Ang paglabag sa mga ito ay maaaring mapanganib o labag sa batas. Basahin ang kumpletong patnubay sa gumagamit para sa karagdagang impormasyon.



BUKSAN NANG LIGTAS

Huwag bubuksan ang telepono kapag ang paggamit ng wireless phone ay ipinagbabawal o kapag maaaring maging sanhi ng interference o panganib.



KALIGTASAN SA DAAN ANG NAUUNA

Sundin ang lahat ng lokal na batas. Laging tiyakin na malayang magpatakbo ng sasakyan ang iyong mga kamay habang nagmamaneho. Ang unang dapat mong isaaalang-alang habang nagmamaneho ay ang kaligtasan sa daan.



INTERFERENCE O PAGKAGAMBALA

Lahat ng wireless phones ay maaaring makaranas ng interference o pagkagambala, na maaaring makakaapekto sa pagganap.



PATAYIN SA MGA OSPITAL

Sundin ang anumang mga paghihigpit. Patayin ang telepono kapag malapit sa aparatong medikal.



PATAYIN HABANG NASA SASAKYANG PANGHIMPAPAWID

Sundin ang anumang mga paghihigpit. Ang mga aparatong wireless ay maaaring maging sanhi ng interference o pagkagambala sa sasakyang panghimpapawid.



PATAYIN KAPAG NAGLALAGAY NG GAS

Huwag gagamitin ang telepono sa isang gasolinahan. Huwag gagamitin kapag malapit sa gas o mga kemikal.



PATAYIN SA MALAPIT SA PAGPAPASABOG

Sundin ang anumang mga paghihigpit. Huwag gagamitin ang telepono sa lugar na may ginagawang pagpapasabog.



GAMITIN NANG MAAYOS

Gamitin lamang sa normal na posisyon na ipinaliwanag sa sangguniang babasahin ng produkto. Huwagagalawin ang antenna kung hindi kinakailangan.



KUWALIPIKADONG PAGKUKUMPUNI

Mga kuwalipikadong tauhan lamang ang maaaring mag-install o magkumpuni ng produktong ito.



MGA PAGPAPAHUSAY AT BATERYA

Gamitin lamang ang mga inaprubahang pagpapahusay at baterya. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi katugma.



PANLABAN SA TUBIG

Ang iyong telepono ay walang panlaban sa tubig. Panatilihin itong tuyo.



MGA PAMALIT NA KOPYA

Tandaan na gumawa ng mga pamalit na kopya o magtabi ng nakasulat na tala ng lahat ng mahalagang impormasyon na nakalagay sa iyong telepono.



PAGKUNEKTA SA IBANG MGA APARATO

Kapag ikinunekta sa ibang aparato, basahin ang patnubay sa gumagamit para sa mga detalyadong tagubilin pangkaligtasan. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi katugma.



MGA TAWAG NA EMERGENCY

Tiyaking nakabukas ang telepono at may linya. Pindutin ang pindutan ng tapusin nang kung ilang beses na kinakailangan upang alisan ng laman ang display at bumalik sa screen ng pagsisimula. Ipasok ang numero ng emergency at pindutin ang pindutan ng tawag. Ibigay ang inyong kinalalagyan. Huwag tatapusin ang tawag hanggang sabihan ka na gawin ito.

■ Tungkol sa iyong aparato

Ang aparatong wireless na inilalarawan sa patnubay na ito ay inaprobahan para gamitin sa mga network na GSM 900 at GSM1800. Makipag-ugnayan sa iyong service provider para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga network.

Kapag ginagamit ang mga katangian sa aparatong ito, sundin ang lahat ng batas at igalang ang pagkapribado at mga lehitimong karapatan ng ibang mga tao.



Babala: Upang magamit ang mga katangian sa aparatong ito, bukod sa alarmang orasan, ang aparato ay dapat buksan. Huwag bubuksan ang aparato kapag ang wireless device ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala o panganib.

■ Mga serbisyong pang-network

Upang magamit ang telepono dapat na mayroon kang serbisyo mula sa isang wireless service provider. Marami sa mga katangian sa aparatong ito ay nakasalalay sa mga katangian sa wireless network upang gumana. Ang mga serbisyong pang-network na ito ay maaaring hindi magamit sa lahat ng network o maaaring kailanganin mong gumawa ng tiyak na pakikipag-ayos sa iyong service provider bago mo magamit ang mga serbisyong network. Maaaring kailanganin ng iyong service provider na bigyan ka ng mga karagdagang tagubilin para magamit ang mga ito at ipaliwanag kung ano ang mga angkop na singil. May ilang mga network na maaaring may mga limitasyon na nakakaapekto kung paano mo magagamit ang mga serbisyong network. Halimbawa, may ilang mga network na maaaring hindi sumuporta sa lahat ng character at/o mga serbisyo na nakasalalay sa wika.

Maaaring hiniling ng iyong service provider na huwag paganapin ang mga mismong katangian o huwag buhayin ang iyong aparato. Kung ganito nga, ang mga ito ay hindi lilitaw sa menu ng iyong aparato. Ang iyong aparato ay maaari ring ginawan ng natatanging pagsasaayos. Maaaring kasama sa pagsasaayos na ito ang mga pagbabago sa mga pangalan ng

menu, pagkakasunod-sunod ng menu at mga simbolo o icon. Makipag-ugnayan sa iyong service provider para sa karagdagang impormasyon.

Ang aparatong ito ay sumusuporta sa mga protocol ng WAP 2.0 (HTTP at SSL) na umaandar sa mga protocol ng TCP/IP. Ang ilang mga katangian ng aparatong ito, tulad ng mga text message, mensaheng multimedia at pag-download ng nilalaman at application na nangangailangan ng pagsuporta ng network para sa mga teknolohiyang ito.

Pangkalahatang impormasyon

■ Mga access code

Ang security code na ibinigay kasama ang telepono ay tumutulong na maprotektahan ang iyong telepono laban sa di-awtorisadong paggamit. Ang paunang itinakdang kodigo ay 12345.

Ang PIN code na ibinigay kasama ang SIM card ay tumutulong na maprotektahan ang iyong telepono laban sa di-awtorisadong paggamit. Ang PIN2 na ibinigay kasama ang ilang mga SIM card ay kinakailangan upang mapuntahan ang ilang mga serbisyo. Kapag ipinasok mo ang maling PIN o PIN2 code nang tatlong beses na magkakasunod, hihilingin kang ipasok ang PUK o PUK2 code. Kung hindi mo taglay ang mga ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na service provider.

Ang module PIN ay kinakailangan upang mapuntahan ang impormasyon sa security module ng iyong SIM card. Ang pampirmang PIN ay kinakailangan para sa pirmang digital. Ang password sa paghadlang ay kinakailangan kapag gumagamit ng *Paghahadlang ng tawag na serbisyo.*

Piliin ang **Menu** > **Mga Setting** > **Seguridad** upang maitakda kung paano ginagamit ng iyong telepono ang mga access code at setting ng seguridad.

■ **Pagsuporta ng Nokia at impormasyon sa pagkontak**

Para sa pinakabagong bersyon ng gabay na ito, mga pag-download, serbisyo at karagdagang impormasyon na may kaugnayan sa iyong produktong Nokia, pakibisita ang www.nokia-asia.com/2610/support o ang iyong lokal na web site ng Nokia. Maaari ka ding mag-download ng mga libreng pagtatakda ng pagsasaayos tulad ng para sa MMS, GPRS, e-mail, at iba pang mga serbisyo para sa iyong modelo ng telepono sa www.nokia-asia.com/phonesettings.

Kung sakaling kailanganin mo pa ng tulong, mangyaring sumangguni sa www.nokia-asia.com/contactus.

Upang tiyakin ang pinakamalapit na lugar ng sentro ng pangangalaga ng Nokia para sa mga serbisyo sa pagpapanatili, maaaring naisin mong bisitahin ang www.nokia-asia.com/repair

1. Pagsisimula

■ I-install ang SIM card at ang baterya

Itago ang lahat ng maliliit na SIM card sa lugar na hindi maaabot ng maliliit na bata.

Para sa kakayahang makuha ang impormasyon sa paggamit ng serbisyo ng SIM card, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbenta ng SIM card. Ito ay maaaring ang service provider, network operator, o ibang tagapagbenta.

Laging papatayin ang aparato ang kakalasin ang charger bago tanggalin ang baterya.




Paalala: Laging papatayin ang koryente at kakalasin ang charger o anumang ibang aparato bago tanggalin ang mga takip. Iwasang sumagi sa mga elektronikong bahagi habang nagpapalit ng mga takip. Laging itabi at gamitin ang aparato nang nakakabit ang mga takip.

1. Pindutin at padausdusin ang pang-likod na takip papunta sa bandang ibaba ng telepono upang matanggal ang takip (1).
2. Tanggalin ang baterya sa pamamagitan ng pag-angat dito gaya ng ipinapakita (2).

Pag sisimula

3. Maingat na angatin ang sisidlan ng SIM card mula sa hawakang-daliri ng telepono, at buksan ang takip ng pantupi (3).
4. Ipasok ang SIM card, upang ang may-tapyas na kanto ay nasa pang-itaas na kanang panig at ang ginintuang dikitan ay nakadapa (4). Isara ang sisidlan ng SIM card at idiin ito upang maisalpak (5).
5. Ipasok ang baterya sa puwang na para sa baterya (6).
6. Ilapat ang panglikod na takip sa likod ng telepono at padausdusin ito paitaas. Itulak ang panglikod na takip patungo sa tuktok ng telepono upang ikandado ito (7).



■ Kargahan ang baterya



Babala: Gumamit lamang ng mga baterya, charger, at pagpapahusay na inaprobahan ng Nokia para magamit sa mismong modelong ito. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-aproba o garantiya, at maaaring mapanganib.


Tiyakin ang numero ng modelo ng anumang charger bago gamitin sa aparatong ito. Ang aparatong ito ay sadyang ginawa para gamitin nang may koryente mula sa mga charger na ACP-7, ACP-12 o AC-2. Ang aparatong ito ay para gamitin sa pamamagitan ng bateryang BL-5C. Para malaman kung makukuha ang inaprobahang mga pagpapahusay, mangyaring tiyakin sa iyong tagapagbenta.

1. Saksak ang charger sa saksakang ac sa dingding.
2. Isaksak ang charger sa telepono.



■ Normal na posisyon ng paggamit

Ang iyong aparato ay may panloob na antenna.




Paalala: Katulad ng ibang aparatong nagsasahimpapawid ng senyales ng radyo, huwag hahawakan ang antenna nang hindi kinakailangan kapag ang aparato ay umaandar. Ang pagsagi sa antenna ay nakakaapekto sa kalidad ng tawag at maaaring maging dahilan upang ang aparato ay tumakbo sa antas ng lakas na mas mataas sa kailangan. Ang pag-iwas na masagi ang antenna habang ginagamit ang aparato ay nagpapataas ng pagganap ng antenna at ng buhay ng baterya.

2. Ang iyong telepono

■ Mga pindutan at piyesa

Paalala: Ang teklado ay maaaring mag-iba alinsunod sa magkakaibang pamilihan.


- Earpiece (1)
- Loudspeaker (2)
- Mga pindutan sa pagpili (3)
- Navigation key (scroll key) (4)
- Pindutan ng tawag (5), pindutin ang pindutan ng tawag nang isang beses upang mapuntahan ang mga kamakailan-lamang na tinawagang numero
- Pindutan ng tapusin at pindutan ng bukas/patay (6), pindutin nang matagal-tagal upang buksan o patayin ang telepono, pindutin sandali upang wakasan ang isang aktibong tawag, o lumabas mula sa anumang mga pag-andar



Ang iyong telepono

- Saksakan ng charger (7)
- Saksakan ng headset (8)

Tala: Huwag sasagiin ang saksakang ito sapagkat ito ay nilalayong magamit lamang ng mga awtorisadong tauhang tagapagkumpuni.



Babala: Ang scroll key sa aparatong ito ay maaaring magtaglay ng nickel. Hindi ito dapat madikit sa balat nang matagalan. Ang patuloy na pagkakadikit ng nickel sa balat ay maaaring humantong sa allergy dulot ng nickel.

■ Standby mode

Kapag ang telepono ay handa nang gamitin, bago ka magpasok ng mga character, ang telepono ay nasa standby mode.

Pangalan ng Network o operator logo (1)

Lakas ng signal ng Network (2)

Antas ng pagkarga ng baterya (3)

Ang kaliwang pindutan sa pagpili ay

Punta (4) upang matanaw mo ang mga

pag-andar na nasa iyong pansariling

listahan ng mga shortcut. Piliin ang **Opsyon** > *Piliin opsyon*


upang tingnan ang listahan ng mga magagamit na pag-andar na

maaari mong idagdag sa listahan ng mga opsyon. Piliin ang

function na *I-organise* > **Lipat** at ang kinalalagyan upang

muling maisaayos ang mga pag-andar ng iyong listahan ng shortcut.

Menu (5) at **Audio** (6)



■ Demo mode

Maaari mong simulang paandarin ang telepono nang walang

SIM card sa pamamagitan ng pagtanggap sa *Buksan ang*

telepono na walang SIM kard? at gamitin ang mga tampok ng

telepono na hindi nangangailangan ng SIM card.

■ Kandado ng teklado o keypad lock

Piliin ang **Menu** > * upang mabilisang maikandado o mabuksan ang teklado upang maiwasang mapindot ang mga pindutan nang di-sinasadya. Upang sagutin ang isang tawag kapag nakakandado ang teklado, pindutin ang pindutan ng tawag. Kapag tinapos mo o tinanggihan ang tawag, ang keypad ay mananatiling nakakandado.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Telepono* > *Awtomatik na keyguard* > *Bukas* upang itakda na awtomatikong maikandado ang teklado makalipas ang isang dati nang nakatakhang palugit kapag ang telepono ay nasa standby mode at walang ginagamit na pag-andar ng telepono.

Kapag nakakandado ang teklado, ang mga tawag ay maaaring maisagawa sa opisyal na numero ng emergency na nakaprograma sa iyong aparato.

3. Mga pag-andar ng tawag

■ Magsagawa ng at sumagot sa isang tawag

Upang magsagawa ng isang tawag, ipasok ang numero ng telepono kabilang ang area code kung kinakailangan. Ang country code ay kailangang maisali, kung kinakailangan. Pindutin ang pindutan ng tawag upang tawagan ang numero. Mag-scroll pakanan upang lakasan o hinaan ang tunog ng earpiece o headset habang may tawag sa telepono.

Upang sagutin ang isang papasok na tawag, pindutin ang pindutan ng tawag. Upang tanggihan ang tawag nang hindi sumasagot, pindutin ang pindutan ng tapusin.

■ Loudspeaker

Kung maaaring magamit, maaari mong piliin ang **Loudsp.** o ang **Normal** upang magamit ang loudspeaker o ang earpiece ng telepono habang may tawag.



Babala: Huwag hahawakan ang aparato na malapit sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil maaaring masyadong malakas ang tunog.

4. Magsulat ng teksto

Maaari kang magpasok ng teksto sa pamamagitan ng mapaghulang paraan  at nakasanayang paraan .

Upang magamit ang nakasanayang pagpapasok ng teksto, pindutin ang pindutan nang paulit-ulit hanggang sa lumabas ang titik. Upang paandarin ang mapaghulang pagpasok ng teksto habang nagsusulat, piliin ang **Opsyon** > *Prediction on* upang patayin ito, piliin ang **Opsyon** > *Prediction off*.

Habang ginagamit ang mapaghulang pagpapasok ng teksto upang maipasok ang salitang nais mo, pindutin ang bawat pindutan nang isang beses para sa bawat isang titik, kung ang ipinapakitang salita ay ang siyang gusto mo, pindutin ang 0, at simulan ang pagsusulat ng susunod na salita. Upang palitan ang salita, pindutin ang * nang paulit-ulit hanggang sa lumabas ang nais mong salita. Kung ang ? na character ay ipinakita makalampas ang salita, ang salita ay wala sa diksiyunaryo. Upang idagdag ang salita sa diksiyunaryo, piliin ang **l-spell**, ipasok ang salita (sa nakasanayang pagpapasok) at piliin ang **l-save**.

Mga payo sa pagsusulat ng teksto: upang magsingit ng espasyo, pindutin ang **O**. Upang mabilisang palitan ang paraan ng pagpapasok ng teksto, pindutin ang **#** nang paulit-ulit at tiyakin ang tagapagpahiwatig na nasa itaas ng display. Upang magdagdag ng isang numero, pindutin at idiin ang nais na pindutan ng numero. Upang makakuha ng isang listahan ng mga espesyal na character habang kapag gumagamit ng nakasanayang pagpapasok ng teksto, pindutin ang *****; kapag gumagamit ng nakasanayang pagpapasok ng teksto, pindutin at idiin nang matagal-tagal ang *****.

5. Mga pag-andar ng menu

Ang mga pag-andar ng telepono ay ipinapangkat sa mga menu. Hindi lahat ng mga pag-andar ng menu o mga aytem ng mga opsyon ay inilalarawan dito.

Sa standby mode, piliin ang **Menu** at ang nais na menu at submenu. Piliin ang **Labas** o ang **Balik** upang umalis sa kasalukuyang antas ng menu. Pindutin ang pindutan ng tapusin upang bumalik agad sa standby mode. Upang palitan ang pagtanaw ng menu, piliin ang **Opsyon** > *Unang menu view* > *Lista* or *Grid*.

■ Pagmemensahe

Ang mga serbisyo ng mensahe ay magagamit lamang kung ang mga ito ay sinusuportahan ng iyong network o ng iyong service provider.



Mga setting para sa mga mensaheng text at multimedia

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe settings* > *Mga message center*. Ang iyong SIM card ay sumusuporta sa higit sa isang message center, piliin o idagdag ang nais mong gamiting message center, kailangan mong kunin ang numero ng message center mula sa iyong service provider.

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe settings* > *Mga MMS*.

Sa *Laki ng imahe (multimedia)*, maaari mong palitan ang laki ng imahe kapag ipinasok mo ang imahe sa mensaheng multimedia.

Payagan pagtang-gap ng multimedia, piliin ang *Hindi*, *Oo*, o ang *Sa home network* upang gamitin ang serbisyo ng multimedia.

Sa *Mga setting ng kumpigurasyon*, piliin ang default service provider para sa pagkuha ng mga mensaheng multimedia.

Mag-scroll papunta sa *Account* upang makita ang mga account na ibinibigay ng service provider at upang piliin ang nais mong gamitin na account. Maaari kang tumanggap ng setting bilang mensahe sa pagsasaayos mula sa service provider.

Payagan adverts upang piliin ito kung ipinahihintulot mo ang pagtanggap ng mga mensahe na nilinaw bilang mga patalastas. Ang setting na ito ay hindi ipinapakita kung ang *Payagan pagtang-gap ng multimedia* ay nakalagay sa *Hindi*.

Mga text message (serbisyong pang-network)

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe gumawa* > *Mensahe teksto*.

Gamit ang short message service (SMS) ang iyong telepono ay maaaring magpadala at tumanggap ng mga mensaheng may maraming mga bahagi, na binubuo ng maraming mga karaniwang text message. Ang pagsingil ay maaaring batay sa kung ilang mga karaniwang mensahe ang kailangan para sa isang mensaheng may maraming bahagi.

Tandaan na ang paggamit ng mga espesyal na (Unicode) character ay gumagamit ng mas maraming espasyo.

Ang kumukurap na  ay nagpapahiwatig na puno na ang memorya ng mensahe. Bago ka makatanggap ng mga bagong mensahe, kailangan mo munang tanggalin ang ilan sa iyong mga lumang mensahe.

Mga mensaheng multimedia (MMS) (serbisyong network)

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe gumawa* > *Multimedia*.



Paalala: Tanging ang mga aparato na nag-aalay ng mga katugmang katangian ang maaaring tumanggap at magpakita ng mga mensaheng multimedia. Ang anyo ng isang mensahe ay maaaring mag-iba depende sa aparatong tumatanggap.

Ang wireless network ay maaaring maglimita sa sukat ng mensaheng MMS. Kung ang ipinasok na larawan ay lumampas sa limitasyong ito, ito ay maaaring gawing mas maliit ng aparato para maipadala sa pamamagitan ng MMS.

Ang mensaheng multimedia ay maaaring maglaman ng teksto, tunog, at isang larawan.

Hindi ka makakatanggap ng mga mensaheng multimedia kung ikaw ay nasa isang tawag, isang laro o isang umaandar na application na Java. Dahil ang paghahatid ng mga mensaheng multimedia ay maaaring mabigo dahil sa iba-ibang dahilan, huwag umasa lamang sa mga ito para sa mahahalagang pakikipagtalastasan.

Ang mga proteksyon ng karapatang-kopya ay maaaring pumigil sa ilang imahe, ringing tone at ibang nilalaman na makopya, mabago, mailipat o maipasa.

Mga pag-andar ng menu

Ang iyong telepono ay sumusuporta sa pagpapadala at pagtanggap ng mga mensaheng multimedia na naglalaman ng maraming pahina (mga slide). Upang magpasok ng isang slide sa mensahe, piliin ang **Opsyon** > *Ipasok* > *Slide*. Upang itakda ang palugit sa pagitan ng mga slide, piliin ang *Timing ng slide*.

Kapag may naghihintay sa iyong isang bagong mensaheng multimedia at puno na ang memorya para sa mga mensahe, ang  ay kukurap-kurap ang *Memorya puno. Di makatanggap ng msg..* Upang tanggapin ang mensahe, piliin ang **OK** > **Oo** ang ang folder upang magbura ng mga lumang mensahe.

Mga mensaheng flash (serbisyon network)

Ang mga mensaheng flash ay mga text message na kaagad ipinapakita.

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Mensahe gumawa* > *Mensaheng flash*.



Paalala: Tanging lamang ang mga aparato na nag-aalay ng katugmang mga katangian ng flash message ang maaaring tumanggap at magpakita ng kumukurap na mga mensaheng flash.

Mensaheng audio

Maaari mong gamitin ang serbisyo ng mensaheng multimedia upang bumuo at magpadala ng isang voice message. Ang serbisyo sa pagmemensaheng multimedia ay kailangan munang buhayin bago mo magagamit ang mga mensaheng audio.

Piliin ang **Menu** > **Pagmensahe** > **Mensahe gumawa** > **Mensaheng aud.** Bubukas ang tagapag-rekord. Kapag tapos ka nang mag-rekord ng isang mensaheng audio, ipasok ang numero ng telepono ng 'tatanggap sa **Kay**: na patlang upang ipadala ang mensahe. Upang tingnan ang magagamit na pagpipilian, piliin ang **Opsyon**. Upang makuha ang isang numero ng telepono mula sa **Mga contact**, piliin ang **Idagdag** > **Contact**.

Kapag tumatanggap ang iyong telepono ng mga mensaheng audio, ang **1 mensaheng audio natanggap** o ang bilang ng mga mensahe at ang katagang **mensahe ang natanggap** ay ipinapakita. Upang buksan ang mensahe, piliin ang **I-play**; o kung higit sa isang mensahe ang natanggap, piliin ang **Ipakita** > **I-play**. Upang makinig mamaya sa mensahe, piliin ang **Labas**. Piliin ang **Opsyon** upang mapuntahan ang mga magagamit na opsyon. And mensaheng audio ay pinapatugtog sa pamamagitan ng earpiece kung walang ibang pipiliing pagpapatugtugan, o upang piliing magpatugtog sa loudspeaker kung gusto mo ay piliin ang **Opsyon** > **Loudsp.**

Mga mensaheng boses

Ang voice mailbox ay isang serbisyong network at maaaring kailanganin mong mag-subscribe dito. Makipag-ugnayan sa iyong service provider para sa numero ng voice mailbox at para sa detalyadong impormasyon.

Piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *Boses mensahe*.

E-mail application

Ang application ng e-mail (serbisyong network) ay nagbibigay-daan sa iyo upang mapuntahan mo ang iyong katugmang e-mail account mula sa iyong telepono. Bago ka makapagpapadala at makakatanggap ng anumang e-mail, maaaring kailangan mong kumuha ng isang e-mail account at ang mga kinakailangang pagtatakda. Maaari mong tanggapin ang mga pagtatakda ng pagsasaayos ng e-mail bilang isang mensahe sa pagsasaayos.

Upang makapagsulat at makapagpadala ng isang e-mail, piliin ang **Menu** > *Pagmensahe* > *E-mail* > *Sumulat bago mail*. Kung higit sa isang e-mail account ang tinukoy, piliin ang account kung saan ay nais mong ipadala ang e-mail. Upang maglakip ng isang file sa e-mail, piliin ang **Opsyon** > *Attach* at ang file sa *Gallery*. Kapag tapos ka nang magpasok ng mensaheng e-mail, piliin ang **Send** > *Send now*.

Upang mag-download ng mga mensaheng e-mail na iyong naipadala sa iyo, piliin ang **Menu** > **Pagmensahe** > **E-mail** > **Tingnan bago mail** at ang e-mail account na gusto mo, tanging mga e-mail headers muna ang dina-download. Upang mai-download ang buong mensaheng e-mail, piliin ang **Balik** > **Mga inbox** at ang the account na gusto mo, piliin ang bagong mensahe at **Kunin**.



Mahalaga: Mag-ingat sa pagbubukas ng mga mensahe. Ang mga e-mail ay maaaring nagtataglay ng malisyosong software o di kaya'y maaaring makakapinsala sa ibang paraan sa iyong aparato o PC.

Ang iyong telepono ay nagtitipon ng e-mail na kinuha mo mula sa iyong e-mail account sa **Mga inbox** na folder. Ang **Other folders** ay naglalaman ng mga sumusunod na folder: **Drafts** para mai-imbak ang mga di pa natapos na e-mail, **Archive** para maisaayos at mai-imbak ang iyong e-mail, **Outbox** para mai-imbak ang e-mail na hindi pa naipadala, at **Sent items** para mai-imbak ang e-mail na naipadala na. Upang pamahalaan ang mga folder at ang kanilang mga nilalaman na e-mail, piliin ang **Opsyon** upang tingnan ang mga magagamit na pagpipilian ng bawat folder.

■ Mga Kontak



Maaari kang mag-imbak ng mga pangalan at numero ng telepono sa memorya ng telepono at sa memorya ng SIM card. Ang memorya ng telepono ay maaaring mag-imbak ng mga kontak na may mga numero at tekstong aytem. Ang mga pangalan at numerong pinamamalagi sa memorya ng SIM card, ay ipinababatid ng .

Upang maghanap ng isang kontak, piliin ang **Menu > Mga contact > Mga pangalan > Opsyon > Hanapin**. Mag-scroll sa listahan ng mga kontak o ipasok ang unang letra ng pangalan na hinahanap mo. Upang maghanap ng isang bagong kontak, piliin ang **Menu > Mga contact > Mga pangalan > Opsyon > Idagdag contact**. Upang magdagdag ng karagdagang mga detalye sa isang kontak, siguraduhin na ang ginagamit na memorya ay ang **Telepono** o di kaya'y ang **Telepono at SIM**. Mag-scroll sa pangalan na gusto mong dagdagan ng bagong numero o tekstong aytem, at piliin ang **Detalye > Opsyon > Idagdag detalye**. Upang kopyahin ang isang kontak, piliin ang **Opsyon > Kopyahin contact**. Maaari mong kopyahin ang mga pangalan at numero ng telepono sa pagitan ng memorya ng kontak sa telepono at sa memorya ng SIM card. Ang memorya ng SIM card ay maaaring mag-imbak ng mga pangalan na may iisang numero ng telepono na nakakabit sa mga ito. Upang magtalaga

ng numero sa isang pindutan ng bilis-dayal, piliin ang **Menu** > **Mga contact** > **Mga speed dial**, at mag-scroll sa numero ng bilis-dayal na gusto mo.

Maaari kang magpadala at tumanggap ng impormasyon tungkol sa kontak ng tao mula sa isang katugmang aparato na sumusuporta sa pamantayan ng vCard bilang isang business card. Upang magpadala ng business card, hanapin ang kontak na ang impormasyon ay gusto mong ipadala, at piliin ang **Opsyon** > **Ipadala bus. card** > **Sa multimedia** o **Sa msg. teksto**. Kapag nakatanggap ka ng business card, piliin ang **Ipakita** > **I-save** upang i-imbak ang business card sa memorya ng telepono. Upang itapon ang business card, piliin ang **Labas** > **Oo**.

Piliin ang **Menu** > **Mga contact** > **Mga setting**, upang maitakda ang mga sumusunod para sa mga kontak: **Memorya na ginagamit** upang piliin ang SIM card o memorya ng telepono para sa iyong mga kontak. Upang palitawin ang mga pangalan at numero mula sa parehong mga memorya, piliin ang **Telepono at SIM**. Upang piliin kung paano ipapakita ang mga pangalan at numero sa mga kontak, piliin ang **View ng Mga contact**. Upang tingnan ang malaya at nagamit nang kapasidad ng memorya, piliin ang **Status ng memorya**.

■ Talaan



Itinatala ng telepono ang mga numerong di-nasagot, nasagot at naidayal, at ang tinatayang haba ng iyong mga tawag (serbisyong network). Kailangan ay suportado ng network ang mga function na ito, at kailangan ay ang telepono ay nakabukas at nasa loob ng saklaw ng linya.

Piliin ang **Menu > Log > Durasyon ng tawag, Counter ng packet data**, o ang **Kunek. pack. data timer** para sa humigit-kumulang na impormasyon tungkol sa iyong mga pinakahuling komunikasyon.



Paalala: Ang aktwal na singil para sa mga tawag at serbisyo mula sa inyong service provider ay maaaring mag-iba, depende sa mga katangian ng network, pagtatantya ng halaga sa pagsingil, buwis at iba pa.

Piliin ang **Menu > Log** at ang naaangkop na listahan. Ang **Mga hindi nasagot na tawag** ay nagpapakita ng listahan ng mga numero ng telepono kung saan ay may sumubok na tumawag sa iyo at ang dami ng mga tawag mula sa tumatawag na iyon, ang **Mga nasagot na tawag** ay nagpapakita ng listahan ng mga kamakailan-lamang na tinanggap o tinanggihang tawag, ang **Mga dinayal na numero** ay nagpapakita ng listahan ng mga kamakailan-lamang na tinawagan.

Ang *I-clear mga lista ng log* ay nagtatanggal ng mga pinakahuling tawag mula sa listahan. Hindi mo maaaring bawiin ang operasyong ito.

Maaari mong tingnan ang petsa at oras ng tawag, o burahin ang numero ng telepono mula sa listahan, o i-imbak ang numero sa *Mga contact*, o ipadala ang isang mensahe papunta sa numero.

■ Mga setting



Maari mong maisaayos ang iba't-ibang mga setting ng telepono sa menu na ito. Upang i-reset ang ilan sa mga setting ng menu sa kanilang orihinal na mga halaga, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Ibalik sa set. ng factory*.

Mga setting ng tono

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga tono*, at baguhin ang alinman sa mga magagamit na pagpipilian: Ang iyong telepono ay sumusuporta sa mga ring tone na nasa format na MP3, at maaari mo ding maitakda ang iyong mga nai-rekord bilang mga ring tone.

Mga pag-andar ng menu

Piliin ang *Alerto para sa* upang itakda ang telepono para mag-ring lamang para sa isang piniling pangkat ng mga tumatawag. Mag-scroll sa pangkat ng tumatawag na gusto mong piliin o piliin ang *Lahat ng tawag* > **Markahan**.

Mga shortcut ko

Sa pamamagitan ng mga pansariling shortcut ay maaari mong mapuntahan agad ang mga madalas-gamitin ang pag-andar ng telepono.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga shortcut ko* > *Kanan selection key* upang ilaan ang isang pag-andar ng telepono mula sa isang nilinaw na listahan sa kanang pindutan sa pagpili.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga shortcut ko* > *Nabigasyon key* upang piliin ang mga shortcut ng pag-andar para sa pindutan sa paglilipat o navigation key. Mag-scroll sa nais na pindutan sa paglilipat o navigation key, piliin ang **Palitan** at ang isang function mula sa listahan. Upang tanggalin ang isang pag-andar ng shortcut mula sa pindutan, piliin ang *(bakante)*. Upang muling italaga ang isang function para sa pindutan, piliin ang **Italaga**.

Mga setting ng tawag at telepono

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Tawag* at ang isa sa mga pagpipilian:

Ilipat ang tawag (serbisyong network) upang ilihis ang iyong mga papasok na tawag. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa iyong service provider

Awto-redayal > *Bukas* upang subukan nang sampung beses na maikonekta ang tawag matapos ang isang di-matagumpay na pagsubok.

Hintay tawag > *Isaaktibo* upang pasabihan ka ng network ng papasok na tawag habang ikaw ay nasa isang tawag (serbisyong network).

Ipada ang caller ID ko (serbisyong network) > *Itakda sa network*, *Oo* o *Hindi*.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Telepono* > *Language settings* > *Wikang panalita* upang itakda ang wikang gagamitin sa display ng iyong telepono. Kung pinili mo ang *Awtomatiko* ay pipili ang telepono ng wika alinsunod sa impormasyon sa SIM card.

Mga settings ng display, oras at petsa

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Display* > *Power saver* > *Bukas* upang makatipid ng ilang lakas ng baterya. Ang isang orasang digital ay ipapakita kapag walang pag-andar ng telepono na ginagamit sa loob ng ilang panahon.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Oras at petsa*. Mag-scroll sa *Orasan* upang ipakita ang orasan sa standby mode, i-akma ang orasan, at piliin ang time zone at ang format ng oras. Mag-scroll sa *Petsa* upang ipakita ang petsa sa standby mode, itakda ang petsa, at piliin ang format ng petsa at tagahiwalay ng petsa. Piliin ang *Awto-update ng petsa at oras* (serbisyong network) upang maitakda ang telepono para awtomatikong isapanahon ang oras at petsa alinsunod sa kasalukuyang time zone.

Pagkakakonekta – koneksyong GPRS

Ang General Packet Radio Service (GPRS) (serbisyong network) ay isang tagapasan ng data na nagbibigay-daan upang mapuntahan nang walang ginagamit na kable ang mga data network tulad ng Internet. Ang mga application na maaaring gumamit ng GPRS ay MMS, browsing, at pag-download ng mga application na Java.

Bago mong magamit ang teknolohiyang GPRS, kailangan ka munang makipag-ugnayan sa iyong network operator o service provider para tiyakin ang kakayahang makuha ang serbisyong GPRS at ang subskripsyon dito. I-imbak ang mga setting ng GPRS para sa bawat application na ginagamit sa pamamagitan ng GPRS. Para sa impormasyon tungkol sa pagpepresyo, makipag-ugnayan sa iyong network operator o service provider.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Packet data > Koneksyon ng packet data**. Piliin ang **Laging online** upang awtomatikong maitakda ang telepono upang awtomatiko itong magrehistro sa isang GPRS network kapag binuksan mo ang telepono. Piliin ang **Kapag kailangan**, at ang pagrehistro at koneksyon ng GPRS ay itinatatag kapag ang kailangan ito ng application na gumagamit ng GPRS at isinasara kapag winakasan mo ang application.

Mga setting ng pagpapahusay

Ang aytem ng katugmang pagpapahusay ng mobile ay ipinapakita lamang kapag ang telepono ay nakakonekta o ikinonekta dito.

Mga pag-andar ng menu

Piliin ang **Menu** > **Mga setting** > **Mga setting ng enhancement** at ang magagamit na pagpapahusay. Kung maaaring magamit, halimbawa, ay sa sandaling maikabit ang headset sa iyong telepono, ay maaari mong piliin ang **Awtomatikong sasagutin** upang maitakda ang telepono upang awtomatiko nitong sagutin ang isang papasok na tawag. Kung ang **Alerto ng papasok na tawag** ay nakatakda sa **Beep 1 beses lang** o sa **Sarado**, ang awtomatikong pagsagot ay hindi magagamit.

Mga setting ng pagsasaayos

Ang ilan sa mga serbisyo ng network ay kailangang magkaroon ng mga wastong pagtatakda ng pagsasaayos sa iyong telepono. Kunin ang pagtatakda mula sa iyong SIM card, mula sa isang service provider bilang mensahe sa pagsasaayos, o mano-manong ipasok ang iyong mga pansariling setting.

Piliin ang **Menu** > **Mga setting** > **Kumpigurasyon** at ang mga sumusunod: **Mga default na setting ng kumpig**. upang tingnan ang listahan ng mga service provider na nakaimbak sa telepono (ang default service provider ay naka-highlight) at upang pumili ng iba pang service provider na gagamitin kapag walang pinili. Mag-scroll papunta sa isang provider at piliin ang **Detalye** upang tingnan ang listahan na may mga suportadong application; **Iaktibo default sa lahat aplikasyon** upang itakda

ang mga application na gagamit ng mga setting mula sa default service provider; *Piniling access point* upang pumili ng isa pang access point, karaniwan ang access point mula sa iyong piniling network operator ay ang siyang gagamitin; *Kumunekta sa tagapaglin ng serb.* upang mai-download ang mga pagtatakda ng pagsasaayos mula sa iyong service provider.

Upang ipasok, tingnan, at baguhin nang mano-mano ang mga setting, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Kumpigurasyon* > *Setting ng personal na kumpig..*

■ Operator menu

Ang menu na ito ay nagbibigay-daan sa iyo upang mapuntahan mo ang isang portal ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng iyong network operator. Ang menu na ito ay pasadya sa operator. Ang pangalan at ang simbolo o icon ay depende sa operator.

Maaaring isapanahon ng operator ang menu na ito sa pamamagitan ng mensahe ng serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong network provider.

■ Gallery



Sa menu na ito, maaari mong pamahalaan ang mga tema, graphics, mga pag-rekord, at mga tono. Ang mga file na ito ay nakaayos sa mga folder.

Ang iyong telepono ay sumusuporta sa digital rights management (DRM) system upang protektahan ang nakamit na nilalaman. Laging tiyakin ang mga tuntunin sa paghahatid ng anumang nilalaman at susi sa pagpapabuhay bago kunin ang mga ito, dahil maaaring may bayad ang mga ito.

Piliin ang **Menu** > *Gallery*. *Mga tema, Mga graphic, Mga tono, Musika file, Recording* at *Tanggap file* ang siyang mga orihinal na folder.

■ Media



Voice recorder

Maaari kang mag-rekord ng mga piraso ng pananalita, tunog o isang aktibong tawag. Ito ay kapaki-pakinabang sa pag-rekord ng isang pangalan at numero ng telepono para maisulat ito sa paglaon. Ang tagapagrekord ay hindi magagamit kapag ang tawag na pang-data o koneksyong GPRS ay aktibo.

Piliin ang **Menu** > **Media** > **Recorder** > **Recorder ng boses** upang magsimulang mag-rekord. Upang simulan ang pag-rekord habang may isinasagawang tawag, piliin ang **Opsyon** > **Rekord**. Kapag nag-rekord ka ng isang tawag, hawakan ang telepono sa normal na puwesto na malapit sa iyong tainga. Ang pag-rekord ay ini-imbak sa **Gallery** > **Recording**. Upang pakinggan ang pinakahuling inirekord, piliin ang **Opsyon** > **I-play ang huli**. Upang ipadala ang huling pag-rekord gamit ang isang mensaheng multimedia, piliin ang **Opsyon** > **Ipadala ang huli**.

■ Organiser



Alarm clock at kalendaryo

Maaari mong itakda ang telepono upang ito ay magpatunog ng alarma sa nais na oras. Piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Orasan-alarma**, mag-scroll sa **Oras ng alarma** upang itakda ang oras para sa pag-alarma. Mag-scroll sa **Alarma ulitin** upang maitakda ang telepono para alertuhan ka nito ukol sa mga piniling araw ng linggo at ang **Tono ng alarma** upang piliin o pasadyain ang tono ng alarma. Upang itakda ang palugit ng panahon para sa pag-alerto ng snooze, piliin ang **Mamaya time-out** at ang oras.

Mga pag-andar ng menu

Ang telepono ay magpaparinig ng tono sa pag-alerto, at ipapakurap-kurap nito ang **Alarma!** at ang kasalukuyang oras sa display, kahit na ang telepono ay patay. Piliin ang **Itigil** upang patigilin ang alarma. Kung hahayaan mo ang telepono na patuloy na magpaparinig ng alarma hanggang isang minuto o kapag pinili ang **I-snoz.**, ang alarma ay titigil ng mga 10 minuto at saka magpapatuloy.

Kung ang oras ng alarma ay naabot habang nakasara ang aparato, ang aparato ay kusang bubukas at magsisimulang patunugin ang tono ng pag-alarma. Kapag pinili mo ang **Itigil**, itatanong ng aparato kung gusto mong buhayin ang aparato para sa mga tawag. Piliin ang **Hindi** upang isara ang aparato o ang **Oo** upang tumawag at tumanggap ng mga tawag. Huwag pipiliin ang **Oo** kapag ang paggamit ng wireless na telepono ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala o panganib.

Piliin ang **Menu > Organiser > Kalendaryo**, ang kasalukuyang araw ay ipinapahiwatig ng isang kuwadro. Kung may alinmang mga tala na nakalaan para sa araw, ang araw ay isinusulat sa makapal na titik. Upang tingnan ang tala para sa araw, piliin ang **Tingnan**. Upang burahin ang lahat ng mga tala sa kalendaryo, piliin ang buwan, at ang **Opsyon > Tanggal lahat tala**. Ang iba pang mga maaaring pagpipilian ay ang pagbubuo, pagbubura, pagbabago at paglilipat ng isang tala, o pag-kopya ng isang tala

sa iba pang araw, direktang pagpapadala ng isang tala sa iba pang katugmang kalendaryo sa telepono, bilang isang text message o isang mensaheng multimedia.

Calculator

Ang calculator sa iyong telepono ay nadaragdag, nagbabawas, nagmumultiplika, naghahati, kumakalkula ng square at ng square root at kumukuha ng katumbas na halaga sa palitan.



Paalala: Ang calculator na ito ay may limitadong katumpakan at idinisenyo para sa mga simpleng kalkulasyon.

Piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Calculator**. Kapag may ipinapakitang 0 sa screen, ipasok ang unang numero sa pagkalkula. Pindutin ang # para sa puntong desimal. Piliin ang **Opsyon** > **Idagdag**, **Ibawas**, **I-multiply**, **Hatiin**, **I-square**, **Square root** o **Sign palitan**. Ipasok ang ikalawang numero. Upang kunin ang sagot, piliin ang **Resulta**. Upang simulan ang isang bagong pagkalkula, pindutin muna nang matagal ang **I-clear**.

Upang magsagawa ng isang pagpapalit ng pera, piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Calculator**. Upang i-imbak ang halaga sa palitan, piliin ang **Opsyon** > **Halaga ng palitan**. Piliin ang alinman sa ipinapakitang mga pagpipilian. Ipasok ang halaga sa

Mga pag-andar ng menu

palitan, pindutin ang # para sa isang puntong desimal, at piliin ang **OK**. Upang kumuha ng halaga ng pera sa palitan, ipasok ang halagang papalitan, piliin ang **Opsyon** > *Sa lokal* o *Sa banyaga*.



Paalala: Kapag nagpalit ka ng batayang pera, kailangan mong ipasok ang mga bagong halaga ng palitan sapagkat ang mga dating itinakdang halaga ng palitan ay tinatangal.

■ Mga application



Ang software ng iyong telepono ay maaaring may kasamang ilang mga laro at application na Java na sadyang idinisenyo para sa teleponong Nokia na ito.

Upang tingnan ang dami ng memorya na magagamit para sa pag-install ng laro at application, piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > *Opsyon* > *Status ng mem.* Upang maglunsad ng isang laro o application, piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > *Mga laro*, or *Koleksyon*. Mag-scroll sa isang laro o application at piliin ang **Buksan**. Upang mag-download ng isang laro o ng isang application, piliin ang **Menu** > *Mga aplik.* > *Opsyon* > *Mga download* > *Download ng laro* or *Apli. download*. Ang iyong

telepono ay sumusuporta sa J2ME™ na mga Java application. Tiyakin na ang application ay katugma sa iyong telepono bago ito i-download.



Mahalaga: Mag-install lamang ng mga application mula sa mga nag-aalay ng sapat na proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Tandaan na kapag nag-download ng application, ito ay maaaring i-imbak sa menu ng *Mga laro* sa halip na sa menu ng *Mga aplik..*

■ Web



Maaari mong mapuntahan ang iba't-ibang mga serbisyong mobile Internet sa pamamagitan ng browser ng iyong telepono. Tiyakin ang kakayahang makuha ang mga serbisyong ito, ang presyo at mga buwis sa iyong network operator at/o service provider.



Mahalaga: Gamitin ang mga aparato lamang na pinagkakatiwalaan mo at nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Pagkonekta ng serbisyo at pag-browse ng mga pahina ng serbisyo

Siguraduhin na ang mga setting ng serbisyo ay naka-imbak at binuhay.

Magsagawa ng koneksyon papunta sa serbisyo, buksan ang pahina ng simula, halimbawa, ang home page ng service provider **Menu** > **Web** > **Home**, o sa standby mode ay pindutin at idiin ang hold 0. Maaari mong piliin ang isang tanda sa **Menu** > **Web** > **Mga tanda**. Kung ang bookmark o tanda ay hindi gumaganap sa kasalukuyang aktibong setting ng serbisyo, buhayin ang isa pang hanay ng mga setting ng serbisyo at subukan muli. Maaari mo ding piliin ang huling URL sa **Menu** > **Web** > **Huling web adr.**, o ipasok ang address ng serbisyo sa pamamagitan ng pagpili ng **Menu** > **Web** > **Punta sa address** at piliin ang **OK**.

Upang itigil ang pagbabasa at upang wakasan ang koneksyon, piliin ang **Opsyon** > **Umalis**. Bilang kahalili, pindutin ang pindutan ng tapusin na dalawang beses, o pindutin at huwag bitiwan ang pindutan ng tapusin.

Pagkatapos mong kumunekta sa isang serbisyo, maaari mo nang basahin ang mga pahina nito. Ang function ng pindutan ng telepono ay maaaring iba-iba sa magkakaibang serbisyo. Sundin ang mga tekstong patnubay sa display ng telepono.

Tandaan na kung ang GPRS ang pinili bilang tagadala ng data, ang tagapahiwatig na  ay ipapakita sa kaliwang tuktok ng display kapag ginagawa ang pagbabasa. Kung tumanggap ka ng tawag o text message, o tumawag habang nasa isang koneksyong GPRS, ang tagapahiwatig na  ay ipapakita sa kaliwang tuktok ng display upang ipabatid na ang koneksyon ng GPRS ay sinuspinde (pinapaghintay). Pagkatapos ng tawag ang telepono ay magtatangkang muling kumunekta sa koneksyong GPRS.

Habang ikaw ay nagbabasa, ang mga opsyon na tulad ng *Home*, at *Mga tanda* ay maaaring magamit. Ang service provider ay maaari ding mag-alok ng mga karagdagang pagpipilian.

Ang iyong aparato ay maaaring may mga tanda na inilagay para sa site na hindi kasapi sa Nokia. Hindi ginagarantiyahan o inirerekumenda ng Nokia ang mga site na ito. Kung pinili mong gamitin ang mga ito, dapat mong gawin ang mga parehong pag-iingat, para sa seguridad o nilalaman, tulad ng sa anumang iba pang Internet site.

Mga setting ng anyo ng browser

Sa standby mode, piliin ang **Menu > Web > Mga setting > Mga setting ng anyo**. Piliin ang **Pag-wrap ng teksto > Bukas** upang payagang magpatuloy ang teksto sa susunod na linya. Kapag pinili mo ang **Sarado**, ang teksto ay paiikliin. Piliin ang **Mga**

Mga pag-andar ng menu

imahen ipakita > *Hindi*, at ang anumang larawang lilitaw sa pahina ay hindi ipapakita. Piliin ang *Mga alerto* > *Alerto sa di-ligtas na koneksyon* > *Oo* upang itakda ang telepono na umalerto kapag ang protektadong koneksyon ay naging hindi protektado habang nagbabasa. Piliin ang *Alerto para sa mga di-ligtas na bagay* > *Oo* upang itakda ang telepono para umalerto kapag ang isang protektadong pahina ay nagtataglay ng di-protektadong aytem. Ang mga alertong ito ay hindi gumagarantiya ng isang ligtas na koneksyon. Piliin ang *Pag-eencode ng karakter* upang piliin ang hanay ng character na ginagamit ng telepono sa pagpapakita ng mga pahina ng browser na hindi kasama ang impormasyong ito o upang piliin kung laging gagamitin ang UTF-8 encoding kapag nagpapadala ng Web address sa isang katugmang telepono.

Mga Cookie at memorya ng cache

Ang cookie ay isang data na tinitipon ng site sa memorya ng browser cache sa iyong telepono. Ang data ay maaaring ang iyong impormasyon bilang gumagamit o ang iyong mas kagustuhan sa pagbabasa. Ang cookie ay ini-imbak hanggang sa maalisin mo ng laman ang cache memory. Sa standby mode, piliin ang *Menu* > *Web* > *Mga setting* > *Mga setting ng seguridad* > *Mga cookie*. Piliin ang *Payagan* o *Tanggihan* upang ipahintulot o pigilin ang telepono na tumanggap na cookie.

Kung tinangka mong mag-access o naka-access ka sa kumpidensiyal na impormasyon na nangangailangan ng mga password, alisan ng laman ang cache pagkatapos ng bawat paggamit. Upang alisan ng laman ang cache, sa standby mode, piliin ang **Menu > Web > I-clear ang cache.**

Inbox ng serbisyo (serbisyong network)

Ang telepono ay maaaring tumanggap ng mga mensahe ng serbisyo (pushed messages) na ipinadadala ng iyong service provider. Upang basahin itong mensahe ng serbisyo, piliin ang **Ipakita**. Kung pinili mo ang **Labas** ang mensahe ay ililipat sa **Serbisyo inbox**. Piliin ang **Menu > Web > Mga setting > Mga setting ng serbisyo inbox > Mga serbisyong mensahe > Bukas** (o **Sarado**) upang itakda ang telepono na makatanggap (o huwag makatanggap) ng mga mensahe ng serbisyo.

Seguridad ng browser

Ang mga katangian para sa seguridad ay maaaring kinakailangan sa ilang serbisyo tulad ng pagbabangko o pamimili nang online. Para sa mga ganoong koneksyon ay kailangan mo ng mga sertipiko ng seguridad at posibleng isang security module na maaaring makuha sa iyong SIM card. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong service provider.

■ Mga serbisyong SIM

Ang iyong SIM card ay maaaring magdulot ng mga karagdagang serbisyo. Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong service provider.



6. Impormasyon tungkol sa baterya

■ Pagkarga at pagdiskarga

Ang iyong aparato ay pinatatakbo ng isang bateryang muling nakakargahan. Tandaan na ang lubos na pagganap ng isang bagong baterya ay nakakamit lamang pagkaraan ng dalawa o tatlong kumpletong pag-inog ng pagkarga at pagdiskarga. Ang baterya ay puwedeng kargahan at diskargahan nang daan-daang ulit pero mawawalan din ito ng lakas. Kapag ang mga oras ng pakikipag-usap at standby ay kapansin-pansing mas maikli sa karaniwan, palitan ang baterya. Gumamit ng mga baterya lamang na inaprubahan ng Nokia, at muling kargahan ang iyong baterya ng mga charger na inaprubahan ng Nokia at itinalaga para sa aparatong ito.

Kung ang pamalit na baterya ay ginagamit sa unang pagkakataon o kung ang baterya ay matagal nang hindi nagagamit, maaaring kailangan na ikunekta ang charger at saka kalasin ito at muling ikunekta ito upang simulan ang pagkarga.

Hugutin ng charger mula sa saksakan ukol sa koryente at mula sa aparato kapag hindi ginagamit. Huwag iiwan ang lubos na nakargahang baterya na nakakunekta sa isang charger, dahil ang sobrang pagkarga ay nagpapaikli ng buhay nito. Kung

Impormasyon tungkol sa baterya

iiwang hindi ginagamit, ang bateryang lubos na kinargahan ay manghihina rin sa tagal ng panahon.

Kung ang baterya ay lubos na walang-laman, maaaring tumagal ng ilang minuto bago lumitaw ang tagapahiwatig ng pagkarga sa display o bago makatawag.

Gamitin lamang ang baterya para sa sinasadyang layunin.

Huwag gagamit ng anumang charger o baterya na may pinsala.

Huwag i-short circuit ang baterya. Ang aksidenteng short circuit ay maaaring mangyari kapag ang metalikong bagay tulad ng barya, clip, o panulat ay naging sanhi ng deretsong pagkonekta ng positibo (+) at negatibong (-) mga terminal ng baterya. (Ang mga ito ay may anyong mga piraso ng bakal sa baterya.) Ito ay maaaring mangyari, halimbawa, kapag nagdadala ka ng ekstrang baterya sa iyong bulsa o pitaka. Ang pag-short circuit ng mga terminal ay maaaring makapinsala sa baterya o sa bagay na ikinukonekta.

Ang pag-iwan sa baterya sa maiinit o malalamig na lugar, tulad ng isang nakasarang kotse kapag tag-init o taglamig, ay magbabawas ng kapasidad at buhay ng baterya. Laging susubukang panatilihin ang baterya sa pagitan ng 15°C at 25°C (59°F at 77°F). Ang aparato na may mainit o malamig na baterya ay maaaring pansamantalang hindi umandar, kahit na kapag ang baterya ay lubos na nakargahan. Ang pagganap ng baterya

ay mas lalong limitado sa mga temperatura na lubhang maginaw.

Huwag itatapon ang mga baterya sa apoy dahil maaaring sumabog ang mga ito. Maaaring sumabog ang mga baterya kung napinsala. Itapon ang mga baterya alinsunod sa mga lokal na regulasyon. Mangyaring iresaykel hangga't maaari. Huwag itapon bilang basura sa bahay.

■ Mga gabay sa awtentikasyon ng baterya ng Nokia

Laging gamitin ang orihinal na mga bateryang Nokia para sa iyong kaligtasan. Upang tiyakin na orihinal na bateryang Nokia ang makukuha mo, bilhin ito mula sa isang awtorisadong dealer ng Nokia, hanapin ang logo ng Nokia Original Enhancements sa pakete at siyasatin ang tatak na hologram sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Ang matagumpay na pagkumpleto ng lahat ng hakbang ay hindi isang garantiya ng pagiging tunay ng baterya. Kung may dahilan para maniwala ka na ang iyong baterya ay hindi isang tunay na orihinal na baterya ng Nokia, huwag mo itong gagamitin kaagad, at dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong sentro ng pagkumpuni o dealer ng Nokia para sa tulong. Ang iyong

Impormasyon tungkol sa baterya

awtorisadong Nokia service point o dealer ay magsisiyasat ng baterya para matiyak kung tunay. Kung hindi mapatunayan kung tunay ang baterya, ibalik ang baterya sa binilhan.


Hologram ng pagpapatunay



1. Kapag tumitingin sa hologram sa label, dapat mong makita ang simbolo ng Nokia connecting hands mula sa isang anggulo at ang logo ng Nokia Original Enhancements kapag tumitingin mula sa ibang anggulo.



2. Kapag inanggulo mo ang hologram sa kaliwa, kanan, ibaba, at itaas, dapat mong makita ang 1, 2, 3, at 4 na tuldok sa bawat panig ayon sa pagkakasunod-sunod.



3. Kaskasin ang tabi ng label upang ilantad ang 20-digit na code, halimbawa, 12345678919876543210. Baligtarin ang baterya para ang mga numero ay humarap sa itaas. Ang 20-digit code ay nagsisimula sa numero sa hanay sa itaas na sinusundan ng hanay sa ilalim.



4. Kumpirmahin na ang 20-digit na code ay may-bisa sa pagsunod sa mga tagubilin sa www.nokia-asia.com/batterycheck.

Upang lumikha ng isang text message, ipasok ang kodigong may 20 bilang, halimbawa ay 12345678919876543210, at ipadala ito sa +44 7786 200276.

Impormasyon tungkol sa baterya

Upang lumikha ng text message,

- Para sa mga bansa sa Asia Pacific hindi kasama ang India:
Ipasok ang kodigong may 20-bilang, halimbawa ay 12345678919876543210, at ipadala ito sa +61 427151515.
- Para sa India lamang: Ipasok ang Baterya kasunod ang kodigong may 20-bilang, halimbawa ay 12345678919876543210 at ipadala ito sa 5555.

May sumasaklaw na mga pambansa at pandaigdigang singil ng operator.

Dapat kang makatanggap ng mensahe na nagpapabatid kung ang kodigong may 20 bilang ay magagawang patunayan.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpirma sa code ng baterya, kontakin ang iyong mga lokal na Nokia Care Centre na nakalista sa www.nokia-asia.com/carecentrelocator.

Paano kung ang iyong baterya ay di awtentiko?

Kung hindi mo makumpirma na ang iyong Nokia battery na may hologram sa label ay hindi awtentikong Nokia battery, huwag gamitin ang baterya. Dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong Nokia service point o dealer para sa tulong. Ang paggamit ng baterya na di inaprubahan ng tagagawa ay maaaring mapanganib at magdulot ng mababang performance at pinsala sa iyong kagamitan at mga pagpapahusay. Maaari rin itong magpawalang-bisa sa anumang pahintulot o warranty na nauukol sa kagamitan.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa orihinal na mga bateryang Nokia, bisitahin ang www.nokia-asia.com/batterycheck.

7. Mga Tunay na Pagpapahusay

Maraming bagong pagpapahusay na makukuha para sa iyong telepono. Piliin ang mga pagpapahusay na tumutugon sa iyong mga tiyak na pangangailangang pangkomunikasyon.



Ang ilan sa mga pagpapahusay ay inilarawan nang detalyado sa ibaba.

Para malaman kung makukuha ang mga pagpapahusay, mangyaring tiyakin sa iyong dealer.

Ilang mga praktikal na patakaran ukol sa mga accessories at pagpapahusay:

- Iligpit ang lahat ng maliliit na SIM card sa lugar na hindi maaabot ng maliliit na bata.
- Kapag tinatanggal mo ang kurdon ng koryente ng anumang pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug, hindi ang kurdon.
- Regular na tiyakin na ang mga pagpapahusay na naka-install sa isang sasakyan ay nakakabit at gumagana nang maayos.

- Ang pag-install ng anumang kumplikadong mga pagpapahusay para sa sasakyan ay maaaring isagawa lamang ng mga kwalipikadong tauhan.

Gamitin lamang ang mga baterya, charger at pagpapahusay na inaprobahan ng bumuo ng telepono. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-apruba o garantiya sa iyong telepono , at maaaring maging mapanganib.


Lakas

Uri	Tech	Oras ng Pakikipag-usap *	Oras ng Standby *
BL-5C	Li-ion	Hanggang 3 oras	Hanggang 300 oras

* Ang pagkakaiba-iba sa mga oras ng pagpapaandar ay maaaring mangyari depende sa SIM card, network at mga setting ng paggamit, pamamaraan ng paggamit at mga kapaligiran. Ang paggamit ng FM radio at integrated hands-free ay makakaapekto sa talktime at standby.

Standard Charger (ACP-7)


Ang maliit, magaan at matibay na charger ACP-7 ay nagkakaloob ng madali at maginhawang paraan upang kargahan ang telepono. Ito ay madaling ikunekta sa telepono o desktop stand.



Paalala: Ang mga uri ng plug ay nag-iiba alinsunod sa magkakaibang pamilihan.

Travel Charger (ACP-12)

Maliit, magaan na charger para sa paglalakbay na may teknolohiya para sa paglilipat-lipat sa iba't-ibang boltahe (100 - 240V). Nagkakaloob ng madali at maginhawang paraan upang kargahan ang telepono.



Paalala: Ang mga uri ng plug ay nag-iiba alinsunod sa magkakaibang pamilihan.

Nokia Mobile Charger LCH-12

Charger na tumatanggap ng iba't-ibang boltahe na naisasaksak sa lighter ng sigarilyo at kinakargahan ang baterya ng iyong telepono.

■ Audio

Nokia Dual Headset HS-7

Ang komportableng pagpapaandar ng handsfree na may pindutan ng remote control para sa pagsagot at pagwawakas ng mga tawag ay sanhi upang ang headset na ito ay maginhawa at madaling gamitin.

Pag-aalaga at pagpapanatili

Ang iyong aparato ay isang produktong may mahusay na disenyo at pagkakayari at dapat alagaan. Ang mga mungkahi sa ibaba ay makakatulong na protektahan ang iyong saklay ng warranty.

- Panatilihing tuyo ang aparato. Ang biglang pagbaba ng temperatura, humidity at lahat ng uri ng likido o halumigmig ay maaaring maglaman ng mga mineral na aagnas sa mga elektronikong circuit. Kung mabasa ang iyong aparato, tanggalin ang baterya at hayaang matuyo ang aparato nang lubos bago ibalik ito.
- Huwag gagamitin o itatago ang aparato sa maalikabok, maruruming lugar. Maaaring masira ang mga gumagalaw at elektronikong bahagi nito.
- Huwag ilalagay ang aparato sa maiinit na lugar. Ang maiinit na temperatura ay makakapagpaikli ng buhay ng mga aparatong elektronikong, nakakasira ng mga baterya, at nakakapilipit o nakakalusaw ng mga plastik.
- Huwag ilalagay ang aparato sa malalamig na lugar. Kapag ang aparato ay bumalik sa normal na temperatura nito, maaaring mabuo ang halumigmig sa loob ng aparato at masira ang elektronikong circuit board.

Pag-aalaga at pagpapanatili

- Huwag tatangkaing buksan ang aparato sa paraang iba sa itinatugilin sa patnubay na ito.
- Huwag ibabagsak, pupukpukin o kakalugin ang aparato. Ang di-maingat na paghawak ay makakasira ng panloob na circuit boards at maseselang piyesa.
- Huwag gagamit ng mababagsik na kemikal, panlinis na solvent, o matatapang na detergent upang linisin ang aparato.
- Huwag pipintahan ang aparato. Ang pintura ay makakabara sa mga bahaging gumagalaw at makakapigil sa wastong paggamit.
- Gamitin lamang ang ipinagkaloob o inaprubahang pamalit na antenna. Ang mga di-awtorisadong antenna, pagbabago o pagkabit ay makakasira sa aparato at maaaring lumalabag sa mga regulasyong nauukol sa aparatong pang-radio.
- Gamitin ang mga charger sa loob ng gusali.
- Laging gumawa ng backup ng data na gusto mong panatilihin (tulad ng mga kontak at tala ng kalendaryo) bago dalhin ang iyong aparato sa isang pasilidad sa pagkumpuni.

Ang lahat ng mungkahi sa itaas ay para sa iyong aparato, baterya, charger o anumang pagpapahusay. Kung ang isang aparato ay hindi gumagana nang maayos, dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong pasilidad ng kumpunihan para makumpuni.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Ang iyong aparato at ang mga pagpapahusay nito ay maaaring may maliliit na bahagi. Panatilihin ang mga ito na hindi maaabot ng maliliit na bata.

■ Kapaligiran sa pagpapatakbo

Tandaang sundin ang anumang espesyal na mga regulasyon sa alinmang lugar at laging patayin ang iyong aparato tuwing ito ay ipinagbabawal gamitin, o kapag ito ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala o panganib. Gamitin lamang ang aparato sa normal na posisyon ng paggamit nito. Ang aparatong ito ay nakakatugon sa mga patnubay sa pagkahantad sa RF kapag ginagamit sa normal na posisyon na nakasandig sa tainga o kapag nakaposisyon nang hindi kukulangin sa 2.2 cm o 7/8 pulgada ang layo mula sa katawan. Kapag ang isang carry case, belt clip o holder ay ginagamit para sa paggamit na suot sa katawan, hindi ito dapat magtaglay ng metal at dapat iposisyon ang produkto nang hindi kukulangin sa binanggit sa itaas na layo mula sa iyong katawan.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Upang makapagpadala ng mga data file o mensahe, kinakailangan ng aparato ng isang mahusay na koneksyon sa network. Sa ilang mga sitwasyon, agn pagpapadala ng mga data file o mensahe ay maaaring maantala hanggang sa may magagamit na ganoong koneksyon. Siguraduhin na ang nabanggit na tagubilin ukol sa palugit ng distansya ay masusunod hanggang sa makumpleto ang pagpapadala.

May mga bahagi ng aparato na magnetiko. Ang mga materyales na metaliko ay maaaring maakit sa aparato. Huwag ilalagay ang credit card o ibang magnetikong imbakan na malapit sa telepono, dahil ang impormasyong iniimbak doon ay maaaring mabura.

■ Mga aparatong medikal

Ang pagpapaandar ng anumang kagamitang nagpapasahimpapawid ng senyales na radio, kabilang ang mga teleponong wireless, ay maaaring makagambala sa pagganap ng mga aparatong medikal na hindi sapat ang proteksyon.

Kumunsulta sa isang manggagamot o sa tagagawa ng aparatong medikal upang malaman kung ang mga ito may sapat na pansanggalang mula sa panlabas na enerhiyang RF o kung mayroon kang mga katanungan. Patayin ang iyong aparato sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan kapag may

mga regulasyong nakapaskil sa mga lugar na ito na nagtatagubilin sa inyo na gawin ito. Ang mga ospital o mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring gumagamit ng aparato na sensitibo sa panlabas na enerhiyang RF.

Mga Pacemaker

Ang mga tagagawa ng pacemaker ay nagrerekomenda na panatilihin ang pinakamababang layo na 15.3 cm (6 in) sa pagitan ng wireless phone at isang pacemaker upang maiwasan ang pagkagambala sa pacemaker. Ang mga rekomendasyong ito ay kaayon ng independiyenteng pananaliksik ng Wireless Technology Research. Ang mga taong may pacemaker ay dapat na:

- Panatilihin ang aparato ay may layo na higit sa 15.3 centimeters (6 pulgada) mula sa pacemaker
- Huwag ilalagay ang aparato sa bulsa ng dibdib; at
- Hawakan ang aparato sa tainga na hindi katapat ng pacemaker upang mabawasan nang husto ang posibilidad ng pagkagambala.

Kung naghihinala ka na may pagkagambala, patayin ang iyong aparato at ilayo ang aparato.

Mga Hearing aid

May ilang mga wireless na aparatong digital na maaaring makagambala sa ilang mga hearing aid. Kung magkaroon ng pagkagambala sumangguni sa iyong service provider.

■ Mga sasakyan

Ang mga senyales ng RF ay maaaring makaapekto sa mga hindi wasto ang pagkakainstall o hindi sapat ang pananggalang na mga sistemang elektroniko sa mga sasakyang de-motor tulad ng electronic fuel injection systems, electronic antiskid (antilock) braking systems, electronic speed control systems, air bag systems. Para sa karagdagang impormasyon, itanong sa gumawa o kinatawan ng iyong sasakyan o anumang aparato na idinagdag.

Ang mga kuwalipikadong tauhan lamang ang dapat magkumpuni sa aparato, o mag-install ng aparato sa isang sasakyan. Ang maling pag-install o pagkumpuni ay maaaring mapanganib at maaaring magpawalang-bisa sa anumang garantiya na nauukol sa aparato. Regular na tiyakin na ang lahat ng wireless na kagamitan sa iyong sasakyan ay maayos na nakakabit at umaandar. Huwag mag-iimbak o magdadala ng mga likidong maaaring magsiklab, mga gas o materyal na sumasabog sa kinalalagyan ng aparato, ang mga bahagi nito, o

mga pagpapahusay. Para sa mga sasakyang may air bag, tandaan na ang mga air bag ay pumipintog nang may malakas na puwersa. Huwag maglalagay ng mga bagay, kabilang ang ikinabit o nabubuhat na aparatong wireless sa lugar na nasa itaas ng air bag o sa lugar na bukahan ng air bag. Kung ang aparatong wireless sa loob ng sasakyan ay hindi tamang ikinabit at pumintog ang air bag, maaaring magresulta sa malubhang pinsala.

Ang paggamit ng iyong aparato habang nagpapalipad ng sasakyang pang-himpapawid ay ipinagbabawal. Patayin ang iyong aparato bago sumakay sa sasakyang pang-himpapawid. Ang paggamit ng wireless teledevices sa isang sasakyang pang-himpapawid ay maaaring mapanganib sa pag-andar ng sasakyang pang-himpapawid, makagagambala ng wireless telephone network at maaaring labag sa batas.

■ Mga kapaligirang maaaring sumabog

Patayin ang iyong aparato kapag nasa isang lugar na may kapaligiran na maaaring sumabog at sundin ang lahat ng tanda at tagubilin. Sa mga kapaligiran maaaring sumabog ay kabilang ang mga lugar na pangkaraniwang papayuhan ka na patayin ang makina ng iyong sasakyan. Ang mga siklab sa mga nasabing lugar ay maaaring maging sanhi ng pagsabog o sunog na nagreresulta sa pinsala sa katawan o maging ng pagkamatay.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Patayin ang aparato sa mga lugar na lagayan ng gatong tulad ng malapit sa mga istasyon ng gasolina at paayusan. Sundin ang mga takda sa paggamit ng aparatong radyo sa mga himpilan, imbakan, at lugar ng pamamahagi ng gatong, mga planta ng kemikal o kung saan may ginagawang pagpapasabog. Ang mga lugar na may atmosperang maaaring sumabog ay madalas na hindi laging may malinaw na marka. Kabilang sa mga ito ang ilalim ng kubyerta sa mga bangka, mga pasilidad ng paglipat o pag-iimbak ng kemikal, mga sasakyang gumagamit ng liquefied petroleum gas (tulad ng propane o butane), at mga lugar kung saan ang hangin ay naglalaman ng mga kemikal o partikulo na tulad ng butil, alikabok o pulbos na metal.

■ Mga tawag na pang-emergency



Mahalaga: Ang wireless na telepono, kabilang ang aparatong ito, ay tumatakbo na gumagamit ng mga senyales ng radyo, wireless network, landline networks, at mga function na ang nagprograma ay ang gumagamit. Dahil dito, ang pagkunekta sa lahat ng kondisyon ay hindi maigagarantiya. Hindi ka dapat umasa lamang sa anumang wireless na aparato para sa mahahalagang komunikasyon tulad ng mga pang-medikal na emergency.

Upang gumawa ng tawag na pang-emergency:

1. Kung ang aparato ay nakasara, buksan ito. Tiyakin kung may sapat na lakas ng signal.
May ilang mga network na nag-aatas na kailangan ay may isang may-bisang SIM card ang maipasok nang wasto sa aparato.
2. Pindutin ang pindutan ng tapusin nang kung ilang beses na kinakailangan para alisan ng laman ang display at ihanda ang aparato para sa mga tawag.
3. Ipasok ang opisyal na numero ng emergency para sa iyong kasalukuyang kinalalagyan. Ang numero ng emergency ay nag-iiba depende sa kinalalagyan.
4. Pindutin ang pindutan ng tawag.

Kung may mga ilang katangian na ginagamit, maaaring kailanganin mo muna na isara ang mga katangiang ito bago ka magsagawa ng tawag na pang-emergency. Kung ang aparato ay nasa offline o flight mode dapat mong baguhin ang profile upang buhayin ang function ng telepono bago ka gumawa ng tawag na pang-emergency. Sumangguni sa patnubay na ito o service provider para sa karagdagang impormasyon.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Kapag gumagawa ng tawag na pang-emergency, tandaang ibigay nang tumpak ang lahat ng kailangang impormasyon. Ang iyong wireless na aparato ay maaaring ang tanging paraan ng komunikasyon sa pinangyarihan ng isang aksidente. Huwag tatapusin ang tawag hanggang sabihan ka na gawin ito.

■ Impormasyon tungkol sa Sertipikasyon (SAR)

ANG APARATONG MOBILE NA ITO AY NAKAKATUGON SA MGA PATNUBAY PARA SA PAGKALANTAD SA MGA RADIO WAVES.

Ang iyong aparatong mobile ay isa ring tagahatid at tagatanggap ng radyo. Ito ay dinisenyo upang hindi malampasan ang mga limitasyon para sa pagkalantad sa mga radio waves na iminumungkahi ng mga pang-internasyonal na patnubay. Ang mga alituntunin na ito ay binuo ng independenteng organisasyon sa agham na ICNIRP at kabilang dito ang mga palugit na pang-kaligtasan na dinisenyo upang masigurado na mapoprotektahan ang lahat ng mga tao, maging anuman ang kanilang edad at kalagayan sa kalusugan.

Ang mga patnubay sa pagkaharap para sa mga aparatong mobile ay gumagamit ng yunit ng pagsukat na tinatawag na Specific Absorption Rate o SAR. Ang limitasyon sa SAR na nakasaad sa mga pandaigdig na patnubay ay 2.0 watts/kilogram (W/kg) na naka-average sa sampung gramo ng tisyu o laman ng katawan. Ang mga pagsubok para sa SAR ay isinasagawa na gamit ang ayon sa pamantayan na posisyon sa paggamit na ang aparato ay naghahatid sa pinakamataas na sertipikadong antas ng lakas sa lahat ng sinubok na mga frequency band. Ang aktwal na antas ng SAR ng isang aparato ay maaaring mababa sa

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

pinakamataas na halaga sapagkat ang aparato ay idinisenyo upang gamitin lamang ang lakas na kinakailangan upang maabot ang network. Ang halaga ay nagbabago depende sa bilang ng mga bagay na tulad ng kung gaano ka kalapit sa isang base station ng network. Ang pinakamataas na halaga ng SAR alinsunod sa mga alituntunin ng ICNIRP para sa paggamit ng aparato sa may tainga ay 0.56 w/kg.

Ang paggamit ng mga accessory at pagpapahusay ng aparato ay maaaring magresulta sa iba't-ibang halaga ng SAR. Ang mga halaga SAR ay maaaring mag-iba depende sa mga pambansang iniaatas sa pag-uulat at pagsubok at sa network band. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa SAR ay maaaring ipagkaloob sa ilalim ng impormasyon tungkol sa produkto sa www.nokia-asia.com.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

* Ang mga halaga ng SAR ay maaaring mag-iba depende sa mga iniaatas ng bansa sa pag-uulat at ng network band. Para sa impormasyon sa SAR sa ibang mga rehiyon mangyaring tingnan ang impormasyon sa produkto sa www.nokia.com.

Index

A

Ang iyong telepono 5
Audio 52

B

Bateria 49
bateria
 impormasyon 41
 pagdiskarga 41
 pagkarga 41

C

Certification information
(SAR) 63
customer service xii

D

Demo mode 7

G

Gallery 30

I

I-install ang SIM card at ang
bateria 1
impormasyon sa pagkontak xii
Impormasyon sa pagkontak ng
Nokia xii
Impormasyon sa Sertipikasyon
(SAR) 63
Impormasyon tungkol sa
bateria
 uri 49

K

Kandado ng teklado o
keypad lock 8
Kapaligiran sa
pagpapatakbo 55
Karagdagang impormasyong
pangkaligtasan 55
Kargahan ang bateria 3

L

Loudspeaker 9

M

Magsagawa ng at sumagot sa isang tawag 9

Magsulat ng teksto 10

Media 30

Mga access code xi

Mga aparatong medikal 56

 Mga Hearing aid 58

 Mga Pacemaker 57

Mga application 34

Mga gabay sa awtentikasyon ng baterya ng Nokia 43

Mga kapaligirang maaaring sumabog 59

Mga kontak 20

mga mensahe

 mga mensaheng audio 17

mga mensaheng audio 17

Mga pag-andar ng menu 12

Mga pag-andar ng tawag 9

Mga pindutan at piyesa 5

Mga sasakyan 58

Mga serbisyong

pang-network ix

Mga serbisyong SIM 40

Mga setting 23

 Mga setting ng pagpapahusay 27

 Mga setting ng

 pagsasaayos 28

 Mga setting ng tawag at telepono 25

 Mga setting ng tono 23

 Mga settings ng display, oras at petsa 26

 Mga shortcut ko 24

 Pagkakakonekta - koneksyong GPRS 26

Mga tawag na pang-emergency 60

Mga Tunay na

Pagpapahusay 48

N

Nokia battery authentication guidelines 43
Nokia Dual Headset HS-7 52
Nokia Mobile Charger LCH-12 51
Normal na posisyon ng paggamit 4

O

Operator menu 29
Organiser 31
 Alarm clock at kalendaryo 31
 Calculator 33

P

Pag-aalaga at pagpapanatili 53
Pagmemensahe 12
 E-mail application 18
 Mensaheng audio 17
 Mga mensaheng boses 18
 Mga mensaheng flash (serbisyong network) 16

Mga mensaheng multimedia (MMS) (serbisyong network) 14
Mga setting para sa mga mensaheng text at multimedia 13
Mga text message (serbisyong pang-network) 14

Pagsisimula 1
pagsuporta ng Nokia xii
Pagsuporta ng Nokia at impormasyon sa pagkontak xii
pagsuprota xii
Pangkalahatang Impormasyon xi
Para sa inyong kaligtasan v

S

serbisyo sa pagkukumpuni xii
serbisyo sa pagpapanatili xii
Standard Charger (ACP-7) 50
Standby mode 6

T

Talaan 22

Travel Charger (ACP-12) 51

Tungkol sa iyong aparato viii

W

Web 35

Inbox ng Serbisyo
(network service) 39

Mga Cookie at memorya
ng cache 38

Mga setting ng anyo ng
browser 37

Pagkonekta ng serbisyo at
pag-browse ng mga
pahina ng serbisyo 36

Seguridad ng browser 39

Nokia Care Online

Ang pagsuporta ng Nokia Care sa web ay nagdudulot sa iyo ng karagdagang impormasyon ukol sa aming mga serbisyong online.



INTERACTIVE DEMONSTRATIONS (MGA MAPAG-UGNAY NA PAGPAPAHIWATIG)

Alamin kung paano itataguyod ang iyong telepono sa kauna-unahang pagkakataon, at kumuha ng dagdag-impormasyon ukol sa mga tampok nito. Ang Interactive Demonstrations ay nagbibigay sa iyo ng mga hakbang-hakbang na panuto ukol sa paggamit ng iyong telepono.



GABAY NG GUMAGAMIT

Ang online na Gabay ng Gumagamit ay naglalaman ng detalyadong impormasyon sa iyong telepono. Huwag kalimutang tiyakin ito nang regular para sa mga bago.



MGA SOFTWARE

Sulitin ang iyong telepono gamit ang software para sa iyong telepono at PC. Kinokonekta ng Nokia PC Suite ang iyong telepono at PC upang maaari mong mapamahalaan ang iyong kalendaryo, mga kontak, musika at larawan, habang nakakadagdag ang ibang mga application sa paggamit nito.



MGA SETTING

Ang ilang mga pag-andar ng telepono, tulad ng multimedia messaging, mobile browsing at email, ay maaaring mangailangan na maitakda mo muna ang mga setting bago mo magamit ang mga ito. Ipadala ang mga setting na ito papunta sa iyong telepono nang walang binabayaran.

*Hindi magagamit sa lahat ng mga telepono.

Pakibisita ang www.nokia-asia.com/support para sa mga detalye.

NOKIA

Care